

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton nang birtwal ang Heritage Month sa Hunyo

BRAMPTON, ON (Hunyo 1, 2021) – Magbibigay ng parangal ang Lungsod ng Brampton nang birtwal sa multikultural Mosaic nito sa Hunyo sa pamamagitan ng pagkilala sa mga komunidad nito na Italyano, Portuguese at Filipino, bukod pa sa pagdiriwang sa National Indigenous People Month (Buwan ng Pambansang Katutubong Mga Tao).

Heritage Month ng Italyano

Magsisimula ang Heritage Month ng Italyano sa Miyerkules, Hunyo 2, Pambansang Araw ng Italyano, na may birtwal na seremonya ng pagtataas ng watawat kasama ang mga pahayag mula kina Mayor Patrick Brown, Pat Fortini; Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; at Michael Palleschi; Rehiyonal na Konsehal Wards 2 at 6. Magkakaroon ng introduksyon sa kasaysayan at selebrasyon, pagtuturo ng dalawang tradisyonal na resipe (minatamis at pampagana) at isang galerya ng litrato na may mga larawan ng nakalipas na mga event.

Ang Italya ay isa sa Nangungunang 10 Etnikong Pinagmulan sa Brampton, na may 25,200 residente sa Lungsod, batay sa pinakahuling datos ng Census.

Para sumali sa pagdiriwang, bisitahin ang www.brampton.ca/italianheritagemonth

Heritage Month ng Portuguese

Ang Heritage Month ng Portuguese ay magsisimula sa Huwebes, Hunyo 10, 'Ang Araw ng Portugal', na may birtwal na seremonya ng pagtataas ng watawat na may mga pahayag mula kay Mayor Patrick Brown, kasama sina Martin Medeiros; Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; at Paul Vicente; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5. Magkakaroon ng panimula sa kasaysayan at selebrasyon, pagtuturo ng dalawang tradisyonal na resipe (minatamis at pampagana); at galerya ng litrato na may mga litrato mula sa nakalipas na mga event

Ang Portugal ay isa sa Nangungunang 10 Etnikong Pinagmulan sa Brampton, na may 24,500 residente sa Lungsod, batay sa pinakahuling datos ng Census.

Para sumali sa pagdiriwang, bisitahin ang www.brampton.ca/portugueseheritagemonth

Heritage Month ng Filipino

Ang Heritage Month ng Filipino ay magsisimula sa Sabado, Hunyo 12, kinikilala ang petsa nang unang itinaas ang watawat ng Pilipinas noong 1898. Magkakaroon ng birtwal na seremonya ng pagtataas ng watawat na may mga pahayag mula kina Mayor Patrick Brown at Rowena Santos; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5. Mag-enjoy sa pre-recorded performance ng pambansang awit ng Pilipinas at isang video ng pagbibigay ng bagong pangalan sa isang parke sa [north-east Brampton](http://www.brampton.ca/north-east-brampton) na inialay kay Dr. José Protasio Rizal, isa sa mga pinakadakilang bayani ng Pilipinas. Magkakaroon ng introduksyon sa kasaysayan at selebrasyon, pagtuturo ng dalawang tradisyonal na resipe (minatamis at pampagana) at galerya ng mga litrato na may mga larawan mula sa nakalipas na mga event.

Ang Pilipinas ay ang isa sa Nangungunang 10 ng Etnikong Pinagmulan sa Brampton, na may 20,100 residente batay sa pinakahuling datos ng Census.

Para sumali sa pagdiriwang, www.brampton.ca/filipinoheritagemonth

National Indigenous History Month

Sa Hunyo, kinikilala natin ang Buwan ng National Indigenous History para magpupugay sa kasaysayan, diversity, at natatanging mga kontribusyon ng First Nations, Inuit at Métis peoples sa Canada.

Kinikilala at tinatanggap ng Lungsod ng Brampton rna an gating trabaho ay nagaganap sa Treaty Territory of the Mississauga's of the Credit First Nation, at bago sa kanila, ang tradisyonal na teritoryo ng Haudenosaunee (hau-de-no-sau-nee), Huron at Wendat (Ou-en-dat). Kinikilalarin natin ang maraming First Nations, Metis, Inuit at iba pang pandaigdigang Indigenous na mga tao na ngayon ay tinatawag ang Brampton na tahanan. Ikinararangal natin na manirahan, magtrabaho at mag-enjoy sa lupaing ito.

Ang buwan na ito ay isang pagkakataon na magnilay-nilay at matuto tungkol sa heritage, iba't ibang mga kultura, natatangong mga wika, at sa ispiritwal na paniniwala ng mga Katutubong tao, pati na rin sa kanilang natatanging mga kontribusyon (noon at ngayon) na patuloy na nagpapayaman sa ating komunidad.

Ginugunita natin ang mga naapektuhan nang malaki o ang mga nagbuwis nang buhay sa pamamagitan ng systemic na mga inhustisya at nagluksa sa pagkawala ng 215 bata na ang mga labi ay natuklasan sa site ng isang residensyal na paaralan sa Kamloops sa taon na ito. Sinusuportahan natin ang pagkakaisa ng mga Taong Katutubo at pinapalakas ang ating commitment sa reconciliation.

Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang kahalagahan ng banal na kalikasan ng pangkulturang mga seremona at pagdiriwang. Kahit na dahil sa COVID-19 naiiba ang mga pagdiriwang at event sa taon na ito, nananatili ang Lungsod na committed sa pagdiriwang ng National Indigenous Peoples Day sa Lunes, Hunyo 21, sa birtwal na paraan, na nagpapahintulot sa atin na makilala ang kanilang mga karanasan, isaalang-alang ang kanilang natatanging mga pangangailangan, making, at iparinig ang kanilang mga boses at kwento.

Ang online na mga pagdiriwang ng National Indigenous Peoples Dayay magsisimula sa isang seremonya ng pagtataas ng watawat, na susundan ng online performance ng Crown Lands. Mayroong land acknowledgement mula sa Chief R. Stacey Laforme, mula sa Mississauga's of the New Credit; isang feast plate; birtwal na Strawberry Moon Teaching, kasama si Tracey Whiteye; at, isang tradisyonal na corn soup teaching kasama ang mga elder na sina Jaabaakwe at Joyce Tabobondung. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/NIPD.

Ang mga pagdiriwang sa Hunyo ay lahat birtwal na event sa taon na ito alinsunod sa mga kautusan at patnubay sa COVID-19 ng Ministry of Health ng Ontario at Public Health ng Rehiyon ng Peel.

Mga Quote

“Sa Hunyo na ito, kinikilala at ipinagdiriwang natin ang mga kontribusyon ng masiglang mga komunidad sa ating natatanging diverse na Lungsod. Sinusuportahan natin ang maraming iba't ibang pangkulturang event para buuhin ang nagsasali sa lahat na framework nan agha-highlight sa pagiging diverse ng ating Lungsod.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagkakaiba-iba at pagsasali sa lahat sa kapwa lugar ng trabaho at komunidad ay mahalaga para sa isang munisipalidad na kapareho ang sukat sa Brampton. Ang mga pagdiriwang na ito ay isang magandang pagkakataon para matuto ang mga residente tungkol sa ibang mga kultura at malaman ang maraming komunidad na bumubuo ng ating Lungsod.

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa panahon ng mga pagdiriwang ng Heritage Month sa taon na ito, inialay natin ang isang parke ng Lungsod ng Brampton kay Dr. José Protasio Rizal, isa sa pinakadakilang mga bayani ng Pilipinas. Bilang unang Filipino na nahalal sa Brampton, nananabik ako at talagang ipinagmamalaking ibahagi ang bagong parke na ito sa aming komunidad.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak natin na ipagdiwang ang Heritage month at kinikilala na ang diversity at pagsasali sa lahat sa lugar ng trabaho ay naghahatid ng bagong mga perspektibo sa ating organisasyon na nagpapaigting sa pang-unawa sa mga pangangailangan ng ating komunidad para mas mapaglingkuran ang publiko.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca